Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon

Liturgy of the Hours

Panalangin sa Takipsilim

Ika-24 ng Nobyembre, 2026

San Andres Dung-Lac, pari at martir
at Mga Kasama, mga martir

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

Tumayo at gawin ang tanda ng krus

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Awit

Maghapo'y natatapos, di gawaing maglingkod,
Pag-asa'y manatili pumapawi ng takot.
Mapagmahal na Ama, puso nami'y kaloob,
Kami po ay bantayan, kahit sa 'ming pagtulog.

Dilim ma'y naririto, ngunit mayroong tanglaw,
Kasama ka't kapiling, bigay mo'y bagong aral,
Kaisa sa pag-ibig, atas ay ilalahad,
Kaisa sa pag-asa, biyaya'y matatanggap.

Mata ma'y ipipikit, ngunit ikaw ay gising,
Tingnan kami't bantayan, kami ay tangkilikin,
Ika'y D'yos ng pag-ibig, takot ay papawiin,
Pangamba'y nawawala, kung ikaw ay kapiling.

Umupo o tumayo

Mga Antipona at Salmo

Antipona 1

Hindi kayo makapaglilingkod nang sabay sa Diyos at sa kayamanan.

Salmo 49

(Ang kawalan ng kayamanan)

I

Bawat isa ay makinig, makinig ang sino pa man,
Kahit saan naroroon ay makinig ang nilalang!
Kahit ikaw ay dakila o aba ang iyong lagay,
Makinig na sama-sama ang mahirap at mayaman.

Yaring aking sasabihi'y salitang may karunungan,
Ang isipang ihahayag, mahalagang mga bagay;
Ang pansin ko ay dadalhin sa bugtong na kasabihan,
Sa saliw ng aking alpa'y ihahayag ko ang laman.

Hindi ako natatakot sa panahon ng panganib,
Kahit pa nga naglipana ang kaaway sa paligid —
Mga taong naghahambog na sa yaman nananalig,
Dahilan sa yaman nila'y tumaas ang pag-iisip.

Hindi kaya ng sinumang ang sarili ay matubos,
Hindi kayang mabayara't tubusin sa kamay ng Diyos;
Ang bayad sa kanyang buhay ay halagang sakdal taas;
Gaano man ang halagang hawak niya'y hindi sapat
Upang siya ay mabuhay nang hindi na magwawakas
At sa labi ng libingan ay hindi na mapasadlak.

Ang lahat ay mamamatay, ito nama'y alam niya,
Maging mangmang o marunong, kahit hangal, pati tanga;
Yaman nila'y maiiwan, sa lahi na magmamana.
Sa libinga'y doon sila mananahan kailanman,
Kahit sila'y may lupaing taglay nila noong araw;
Dumakila man ang tao, di niya maiiwasan,
Tulad din ng mga hayop, tiyak siyang mamamatay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Hindi kayo makapaglilingkod nang sabay sa Diyos at sa kayamanan.

Antipona 2

Ang tipunin ninyo ay ang kayamanan sa langit, wika ng Panginoon.

II

Masdan ninyo yaong taong nagtiwala sa sarili
At sa kanyang kayamanan ay nanghawak na mabuti:
Tulad niya'y mga tupa, sa patayan din hahantong,
Kalawit ni Kamatayan ang magiging kanyang pastol.

Ang matuwid, magwawagi pag sumapit ang umaga,
Laban doon sa kaaway na ang bangkay ay bulok na
Sa lupain nitong patay, na malayo sa kanila.
Ngunit ako'y ililigtas, hindi ako babayaan,
Aagawin ako ng Diyos sa kamay ng kamatayan.

Di ka dapat na matakot, ang tao man ay yumaman,
Lumago man nang lumago yaong kanyang kabuhayan;
Hindi ito madadala kapag siya ay namatay,
Ang yaman ay hindi niya madadala sa libingan.

At kahit na masiyahan ang tao sa kanyang buhay,
Dahilan sa sinusuob ng papuri't nagtagumpay;
Masasama pa rin siya sa ninunong nangamatay
Masasadlak pa rin siya sa dilim na walang hanggan.

Ang tao mang dumakila ay iisa ang hantungan,
Katulad ng mga hayop, tiyak siyang mamamatay!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Ang tipunin ninyo ay ang kayamanan sa langit, wika ng Panginoon.

Antipona 3

Ang pagsamba at karangalan ay karapatang nakalaan sa Korderong pinatay.

Awit: Pahayag 4:11; 5:9, 10, 12

(Himig ng Pagliligtas)

Aming PANGINOON at Diyos!
Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri,
Paggalang, at kapangyarihan;

Pagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay,
At ayon sa iyong kagustuhan,
Sila'y nilalang mo at pinananatili.

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon
At sumira sa mga tatak niyon.

Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan
Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao,
Mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa.

Ginawa mo silang isang liping maharlika
At mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos;
At sila'y maghahari sa lupa.

Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat
Na tumanggap ng kapangyarihan,
Kayamanan, karunungan, at kalakasan,
Papuri, paggalang at pagdakila!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Ang pagsamba at karangalan ay karapatang nakalaan sa Korderong pinatay.

Umupo

Pagbasa ng Salita ng Diyos

Roma 3:21-26

Ngunit ngayo'y nahayag na ang pagpapawalang-sala ng Diyos sa mga tao. Ito'y hindi sa pamamagitan ng batas, bagama't ito'y pinatotohanan ng Kautusan at ng mga propeta. Pinawawalang-sala ng Diyos ang lahat ng nananalig kay Hesukristo sa pamamagitan ng kanilang pananalig sa kanya, maging Judio at maging Hentil. Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos. Gayunman, dahil sa kanyang kagandahang-loob ay pinawalang-sala sila sa pamamagitan ni Kristo Hesus, na nagpalaya sa kanila. Siya ang itinakda ng Diyos na maging handog upang sa pagbububo ng kanyang dugo ay maipatawad ang kasalanan ng tao sa pamamagitan ng pananalig sa kanya. Ginawa ito ng Diyos upang ipakilalang siya'y matuwid, sapagkat noong una, nagtimpi siya at ipinagpaumanhin ang mga kasalanang nagawa ng mga tao. At sa ngayon, pinawalang-sala niya ang mga nananalig kay Hesus upang patunayang siya'y matuwid.

Tugunan

Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

— Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

Sa iyong piling ay ganap at walang hanggan ang kapayapaan,

— Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

Tumayo

Papuring Awit ni Maria

Antipona

Gumawa ka sa amin, Panginoon, ng mga dakilang bagay sapagkat ikaw ay makapangyarihan, at Banal ang iyong pangalan.

Lukas 1:46-56

Gumawa tanda ng krus

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Gumawa ka sa amin, Panginoon, ng mga dakilang bagay sapagkat ikaw ay makapangyarihan, at Banal ang iyong pangalan.

Pangkalahatang Panalangin

Purihin natin si Kristo, ang Pastol at Tagapangalaga ng ating mga kaluluwa, na nagmamahal at nagtatanggol sa kanyang bayan. Tumawag tayo nang may pag-asa sa kanya:

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Walang hanggang Pastol, ingatan ang aming Obispo, N.,
at lahat ng mga pastol ng Simbahan mo.

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Kahabagan mo ang mga taong dumaranas ng mga pag-uusig, magmadali ka upang mapalaya sila mula sa kaaway.

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Maawa ka sa mga nangangailangan, Panginoon,
bigyan mo ng sapat na makakain ang mga nagugutom.

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Liwanagan mo ang mga gumagawa ng batas,
upang magtakda ng mga batas ayon sa diwa ng karunungan at katarungan.

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Tulungan ang yumao naming mga kapatid na iniligtas mo ng iyong dugo,
gawin silang marapat pumasok sa iyong makalangit na salu-salo.

— Pangalagaan ang iyong bayan, Panginoon.

Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
kami'y tugunin mo sa aming kahilingan
ngayong sina San Andres Dung Lac
at mga kasama ay aming ginugunita
upang kaming mga nagdiriwang
ng pagpaparangal sa kanila
ay makasunod sa kanilang katatagan
sa pananampalataya
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



United States of America
www.ebreviary.com